37th PRISON AWARENESS SUNDAY
27 October 2024

LITURGICAL GUIDE

Theme : "ANG SIMBAHAN KATUWANG ANG VIPS: KAAGAPAY SA PAGBABAGONG PUNONG-PUNO NG PAG-ASA!" ("THE CHURCH THRU THE VIPS: PARTNERS OF THE PDLs IN THEIR JOURNEY TOWARDS WHOLENESS WITH FULL OF HOPE!")

Mass Readings :

First Reading	:	Jeremiah 31: 7-9
Responsorial Psalm	:	Psalm 126: 1-2. 2-3. 4-5. 6
Second Reading	:	Hebrews 5: 1-6
Gospel	:	Mark 10:46-52.

Introduction:

In 1975, the Catholic Bishops' Conference of the Philippines in response to a letter-petition from the prisoners at the death row of the New Bilibid Prison in Muntinlupa, formed the Episcopal Commission on Prisoners' Welfare (ECOPRIW). And henceforth it became the agency of the CBCP charged to look at the welfare of our brothers and sisters in prison. Eventually, since 1998 the agency came to be known as the Episcopal Commission on Prison Pastoral Care (ECPPC).

Furthermore in 1987, the Commission, to intensify awareness on the plight of those in jails and prison, designated the last Sunday of October every year as a day to remember and respond to the needs of those in jails and prison. And eight (8) years after, the government followed suit with the institutionalization of the celebration of National Correctional Consciousness Week (NACOCOW).

These two events are concrete manifestation of what today's Gospel reminds us, that our Lord Jesus Christ heals those who are blinded physically and figuratively, to make us see beyond what our physical eyes can see. In our Gospel, Bartimeus lie in hopelessness due to his blindness. Moreover, when people started to rebuke him as he calls on Jesus. Jesus who always have been attentive to the needs of the outcast, heard Bartimeus' plea.

In reality, the Gospel we heard is still the situation for the least, the last and the lost, especially for our incarcerated brothers and sister or those we call Persons Deprived of Liberty. They are calling for attention, they are seeking for help. They are shouting for love and mercy. They are looked upon for the crimes and failures they have committed, and it should not stop there. The same with Jesus who is the source of hope. He looked at Bartimaeus as a possible disciple. It is but right to help our brethren to be given hope by the community.

Our theme captures the message of the Gospel; KAAGAPAY SA PAGBABAGO NA PUNONG PUNO NG PAG-ASA. It is also the mission of the Synodal Church who journeys together to give hope to one another in spite of the depressing situation. Let us be the light for others to see, be the hope that others are looking for.

Today as we celebrate the 37th Prison Awareness Sunday, the Church urges us to reach out to those who are in need especially the prisoners to bring once more Christ's light to those in darkness and to let them experience God's saving action through our compassionate Love and Service.

Penitential Rite:

Priest: Brothers and Sisters, Bartimaeus have the courage to cry out and ask Jesus for healing. In this manner, may we trust and approach Jesus for his pardon and forgiveness. (Pause)

Priest: Lord Jesus, your mercy and forgiveness know no bounds and you love us in spite of our sinfulness, Lord have mercy.

All: Lord, have mercy.

Priest: Lord Jesus, your love is immeasurable and you continue to love those who are least, last and lost, Christ have mercy.

All: Christ, have mercy.

Priest: Lord Jesus, your compassion is unfathomable and you never get tired of giving hope to the sinners. Lord have mercy.
All: Lord, have mercy.

Priest: May Almighty God have mercy on us, forgive us our sins and bring us to everlasting life.

All: Amen

P - Let us pray.

COLLECT (30th Sunday in Ordinary Time)
Almighty ever-living God,
increase our faith, hope and charity,
and make us love what you command,
so that we may merit what you promise.
Through our Lord Jesus Christ, your Son,
who lives and reigns with you in the unity of the Holy Spirit,
one God, for ever and ever.
R – AMEN

Or: (for those in prison)

Almighty and merciful God,
to whom alone the secrets of the heart lie open,
who recognize the just and make righteous the guilty,
hear our prayers for your servants held in prison,
and grant that through patience and hope
they may find relief in their affliction
and soon return unhindered to their own.
Through our Lord Jesus Christ, your Son,

who lives and reigns with you in the unity of the Holy Spirit,
One God, for ever and ever.

PRAYERS OF THE FAITHFUL:

Celebrant: Dear brothers and sisters, Jesus shows great compassion towards the sinners and the poor. Let us, therefore pray, that we too, like Bartimaeus, be healed from our blindness and lack of concern for the light of the destitute, especially our incarcerated brothers and sisters. Let our response be, LORD OF LIGHT, HEAL US!

Response: Lord of Light, Heal us!

L. - For the universal Church. You have anointed Pope Francis, the Bishops, priests and consecrated people as powerful instruments of your liberating love. We pray that their guidance will assist our brethren behind bars and recreate the image and likeness of love in them. Let us pray to the Lord.

Response: Lord of Light, Heal us!

L - For our government. You have appointed them to serve this nation. May they be mindful of the persons deprived of liberties (PDLs) in distress, and be sensitive enough to cater to their needs. We pray that they make better choices for the wellbeing of the PDLs. Bless the jail authorities from the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), the Bureau of Corrections (BUCOR), the Provincial Governors and their appointed jail Wardens and personnel, that they may be always kind, gentle and understanding towards the needs of the PDLs. Let us pray to the Lord.

Response: Lord of Light, Heal us!

L - For the Jail and Prison Chaplains and the Volunteers in Prison Service (VIPS) in the different archdioceses/dioceses throughout the country, whom you have commissioned to reach out to the least, the last and the lost in prisons. We ask for your constant guidance and protection upon them as they minister to the PDLs and their families. Empower them to be instruments of reform and assist in reintegrating the prisoners back into the mainstream of society. Let us pray to the Lord.

Response: Lord of Light, Heal us!

L - For our brother and sister persons deprived of liberty (PDLs), those incarcerated and the non-institutional offenders: the parolees, pardonees and those on probation, especially those who are wrongly accused. You too were innocent and falsely accused and so you can understand their plight. They live with so much mental, emotional and physical discomforts. We pray that you shower your mercy to comfort them and enable them to renew their lives in their preparation for release. We pray for reconciliation with their families and society. Let us pray to the Lord.

Response: Lord of Light, Heal us!

L - For those in prisons who have died in the last pandemic. You have called them from the pain of imprisonment. We pray for these inmates, that you grant them a merciful judgment and eternal rest and reward. Let us pray to the Lord.

Response: Lord of Light, Heal us!

L. Let us pray for our own personal intentions. (Pause to pray for personal and community needs.) Let us pray to the Lord!

Response: Lord of Light, Heal us!

Concluding Prayer: Loving Father, you are the happiest when we, your children turn to you. Stretch out your healing hands and touch all our brethren behind the bars and help them to lead a renewed life. We make this prayer through Christ our Lord, Amen

All: AMEN

PRAYER OVER THE OFFERINGS (30th Sunday in Ordinary Time)
Look, we pray, O Lord,
on the offerings we make to your majesty,
that whatever is done by us in your service
may be directed above all to your glory.
Through Christ our Lord.

R – AMEN

Or: (for those in prison)
Through the saving Sacrament of human redemption
which we offer you, Lord,
grant that your servants may be released from captivity
and rejoice in lasting freedom of soul.
Through Christ our Lord.

PRAYER AFTER COMMUNION (30th Sunday in Ordinary Time)
May your Sacraments, O Lord, we pray,
perfect in us what lies within them,
that what we now celebrate in signs
we may one day possess in truth.
Through Christ our Lord.

Or: (for those in prison)
Mindful of the price paid for our deliverance,
we implore your mercy, O Lord,
upon our brothers and sisters,
that they may be released from captivity
and become servants of your justice.
Through Christ our Lord.

37th PRISON AWARENESS SUNDAY
27 October 2024

GABAY SA LITURHIYA

Tema: "ANG SIMBAHAN KATUWANG ANG VIPS: KAAGAPAY SA PAGBABAGONG PUNONG-PUNO NG PAG-ASA!" ("THE CHURCH THRU THE VIPS: PARTNERS OF THE PDLs IN THEIR JOURNEY TOWARDS WHOLENESS WITH FULL OF HOPE!")

Pagbasa sa Misa:

Unang Pagbasa	:	Jeremias 31: 7-9
Salmong Tugunan	:	Awit 126: 1-2. 2-3. 4-5. 6
Ikalawang Pagbasa	:	Hebreo 5: 1-6
Mabuting Balta	:	Marcos 10: 46-52

Paunang Salita:

Noong 1975, ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines, bilang tugon sa isang liham-petisyon mula sa mga bilanggo sa death row ng New Bilibid Prison sa Muntinlupa, ay itinatag ang Episcopal Commission on Prisoners' Welfare (ECOPRIW). At mula noon hanggang ngayon ito ay ang naging pangunahing ahensya ng CBCP na inatasan upang tingnan ang kapakanan ng ating mga kapatid sa bilangguan. Sa kalaunan, mula noong 1998 ang ahensya ay nakilala bilang Episcopal Commission on Prison Pastoral Care (ECPPC).

Noong 1987 naman, ang Komisyon, upang paigtingin ang kamalayan sa kalagayan ng mga nasa kulungan at bilangguan, ay itinalaga ang huling Linggo ng Oktubre bawa't taon bilang isang araw upang alalahanin at tumugon sa mga pangangailangan ng mga nasa kulungan at bilangguan. At pagkaraan ng walong (8) taon, sinunod naman ng gobyerno ang institusyonalisasyon ng pagdiriwang ng National Correctional Consciousness Week (NACOCOW).

Ang dalawang kaganapang ito ay konkretong pagpapakita ng ipinapaalala sa atin ng Ebanghelyo ngayon, na ang ating Panginoong Hesukristo ay nagpapagaling sa mga nabulag sa pisikal at matalinghagang paraan, upang makita tayo nang higit pa sa nakikita ng ating pisikal na mga mata.

Sa ating ebanghelyo, ay muling nagdulot ng pag-asa si Hesus sa katulad ni Bartimaeo na isinantabi na nang lipunan dahil sa kanyang kapansanan, ang pagiging bulag. Kung mapapansin ay ni hindi siya pinapansin ng mga tao at binabawal pa sa kanyang pag-iingay at pagtawag ng pansin ni Hesus.
Ito kung tutuusin ay sitwasyon din ng mga kapatid natin sa bilangguan ngayon na humihibik at humihingi ng tulong ng lipunan. Maaaring sa isang banda ng kanilang buhay ay tunay silang nagkamali at nagkasala. Subalit hindi duon natatapos ang lahat, dahil kagaya ni Hesus na nagbigay nang pag-asa, nararapat lamang din na sila ay madulutan ng pag-asa sa tulong ng lipunan.
Sinasabi ng ating tema na tayo ay maging KAAGAPAY SA PAGBABAGO NA PUNONG-PUNO NG PAG-ASA. Iyan ang isa sa misyon ng simbahan na isinusulong din ng Synod, bilang isang simbahan na naglalakbay, tayo ay kaagapay ng isa't-isa at patuloy na nagbibigay ng pag-asa.

Ngayong araw na ito ay ipinagdiriwang natin ang ika-37 Linggo ng Pagkamulat sa Bilangguan, hinihimok tayo ng Simbahan na abutin ang mga nangangailangan lalo na ang mga bilanggo na muling magdala ng liwanag ni Kristo sa mga nasa kadiliman at hayaan silang maranasan ang nagliligtas na pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng ating mahabaging Pag-ibig at Paglilingkod.

PAGSISISI:

Pari: Naglakas loob si Bartimaeo na humiyaw at humingi ng tulong kay Hesus. Sa ganitong diwa, maglakas at magtiwala tayong humingi ng tulong sa walang katapusan na habag at pagmamahal ng Diyos na paulit-ulit na nagbibigay sa atin ng pagkakataon. Suriin natin ang ating mga sarili. (Pause)

Pari: Panginoon walang hanggan ang iyong awa at pagpapatawad sa aming mga kasalanan, Panginoon maawa ka.

Lahat: Panginoon, maawa ka.

Pari: Panginoon walang hanggan ang iyong pagmamahal at patuloy ka sa pagbibigay ng kahalagahan kahit sa mga kinalimutan na nang lipunan, Kristo maawa ka.

Lahat: Kristo, maawa ka.

Pari: Panginoon walang hanggan ang iyong pang-unawa kaya hindi ka nagsasawang magkaloob ng pagkakataon para sa mga nagkasala, Panginoon maawa ka..

Lahat: Panginoon, maawa ka.

Pari: Kaawaan tayo ng Makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

Lahat: Amen

PANALANGING PAMBUNGAD (30th Sunday in Ordinary Time)

Pari: Manalangin tayo…

Ama naming makapangyarihan,
ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig namin ay iyong dagdagan
at gawin mong mahalin naming ang iyong mga kautusan
upang sa mga pangako mo kami'y maging dapat makinabang
sa pamamgitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

PARA SA MGA NASA PIITAN (maaari itong gamitin sa Ordinaryong Araw)
PANALANGING PAMBUNGAD
Ama naming makapangyarihan,
minarapat mong akuin ang aming kaalipinan
upang mahango kami mula sa kinapiitang dusa dahil sa pagsuway.
Ipagkaloob mong ang mga idinadalangin naming nasa piitan
ay magkamit ng kalayaang hinhangad mong ibigay
sa mga anak mo sa lupang ibabaw
Sa pamamagitan ni Hesukristo
Kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

O kaya: (PARA SA MGA BILANGGO)

Ama naming makapangyarihan,
sa Iyo lamang nakalantad ang mga lihim na katotohanan
at sa Iyo lamang malinaw
kung sino ang walang sala at sino ang may kasalanan.
Kaya't dinggin mo ang mga panalangin namin
para sa mga nasa bilangguan
at ipagkaloob mong matiyagang tiisin nila ang hatol na kaparusahan
at agad silang makabalik sa mga mahal sa buhay
nang walang kabalisahan
sa pamamgitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

R – AMEN

PANALANGIN NG BAYAN:

P - Mga kapatid, si Hesus ay nagpakita ng matinding awa at habag sa mga makasalanan at mahihirap. Kung kaya ating ipagdasal na tayo rin, tulad ni Bartimeo, ay gumaling sa ating pagkabulag at kawalan ng malasakit sa mga dukha, lalo na sa ating mga kapatid na nakakulong. Ang ating itutugon ay:

PANGINOON NG LIWANAG, PAGALINGIN MO KAMI!

L. - Para sa Simbahang laganap sa buong daigdig, gabayan po Ninyo si Papa Francisco, ang mga Obispo, mga pari at mga taong inilaan bilang makapangyarihang instrumento ng iyong mapagpalayang pag-ibig. Dalangin namin na kanilang laging tutulungan ang aming mga kapatid na nakabilanggo, mga pinagkaitan ng kalayaan at muli silang maging imahe at wangis ng Panginoon. Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

L - Para sa ating pamahalaan. Hinirang ninyo sila upang maglingkod. Nawa'y maging mahabagin sila sa mga taong pinagkaitan ng kalayaan (PDLs) at tumugon sila sa kanilang mga pangangailangan. Dalangin namin na gumawa sila ng mas mahusay na mga hakbangin para sa kapakanan ng mga PDL. Pagpalain Ninyo po ang mga awtoridad ng kulungan mula sa Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), Bureau of Corrections (BUCOR), mga Gobernador ng Lalawigan at ang kanilang mga itinalagang tagapangasiwa ng mga piitan gayundin ang kanilang mga tauhan, upang sila ay laging maging mahabagin at maunawain sa pangangasiwa ng mga PDLs. Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

L - Para sa Jail and Prison Chaplains at sa mga Volunteers in Prison Service (VIPS) sa iba't ibang Arki-Diocesis at Diocesis sa buong bansa, na iyong inatasan na kumalinga sa pinakamaliit at mga nawawalang kapatid sa mga bilangguan. Hinihiling namin ang inyong patuloy na pag-gabay at proteksyon sa kanila habang sila ay naglilingkod sa mga PDL at kanilang mga pamilya. Bigyan nyo po sila ng kapangyarihan na maging instrumento ng reporma at tumulong sa muling pagbabalik ng mga bilanggo sa malayang lipunan. Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

L - Para sa mga taong pinagkaitan ng kalayaan (PDL), mga nakakulong at mga hindi institusyunal na nagkasala: ang mga parolado, mga piangkalooban ng "pardon o executive clemency"at mga nasa subok laya o "probation", lalo na ang mga nakapiit ng walang pagkakasala sa batas at nagkamali lamang ang estado. Ikaw din Panginoon ay inosente at inakusahan ng walang katotohanan. Nabubuhay sila na may napakaraming mental, emosyonal at pisikal na suliranin. Dalangin namin na ibuhos Mo ang iyong awa upang aliwin sila at bigyang inspirasyon upang magbago ng kanilang buhay bilang kanilang paghahanda para makalaya. Nagdarasal kami para sa pagkakasundo sa kanilang mga pamilya at lipunan. Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

L - Para sa mga nasa kulungan na namatay sa huling pandemya. Tinawag mo sila mula sa sakit ng pagkakulong. Idinadalangin namin ang mga bilanggo na ito, na bigyan mo sila ng maawaing paghatol at walang hanggang kapahingahan at gantimpala. Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

L. Ipagdasal natin ang ating pansariling hangarin. (saglit na katahimikan) Manalangin tayo sa Panginoon!

Tugon: Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

P - Amang mapagmahal, batid namin na ikaw ay nalulugod kapag kami na iyong mga anak ay bumabaling sa iyo. Iunat ang iyong mga kamay sa pagpapagaling at hawakan ang lahat ng aming mga kapatid na bilanggo at tulungan silang mamuhay ng panibagong buhay. Ginagawa namin ang panalanging ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Lahat: AMEN

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY (30th Sunday in Ordinary Time)

PAma naming Lumikha,
tunghayan mo ang mga alay na aming inihahain sa Iyong kadakilaan
upang ang paglilingkod na aming ginagampanan
ay humantong sa Iyong lalong ikadarangal
sa pamamagitan ni Heskukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

O kaya: (PARA SA MGA BILANGGO)

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY
Ama naming Lumikha,
pakundangan sa haing kaligtasan na ngayo'y isinasagawa
sa pag-aalay namin dito sa Iyong dambana
ipagkaloob Mong ang mga nasa piita'y makalaya
sa ikapagkakamit nila ng kaligtasang laging pinipithaya
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Lahat : AMEN

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG (30th Sunday in Ordinary Time)
Ama naming mapagmahal,
maging lubos nawa ang aming pakikinabang
sa tinanggap namin sa piging mong banal
upang ang aming ginaganap nang lantaran
ay siyang aming makamtang tunay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

O kaya: (PARA SA MGA BILANGGO)

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG
Ama naming mapagmahal,
sa pag-alala naming sa naging halaga ng aming kalayaan
kami'y nagmamakaawa para sa mga kapatid naming nasa piitan
upang sila'y makalaya bilang mga lingkod ng Iyong katarungan
sa pamamagitan ni Hesukristo
Kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan